

# Pagpapalabas ng Ari-arian

Bilang may-ari o awtorisadong kinatawan ng Ari-arian at sa paglagda sa pagpapalabas na ito, binibigyan ko ng pahintulot ang Photographer / Filmmaker at Mga Hinirang na likhain at gamitin ang Nilalaman na nagpapakita ng Ari-arian sa anumang Media, para sa anumang layunin (maliban sa paninirang-puri at / o pornograpiya) na maaaring kabilangan ng, bukod sa iba pa, pag-advertise, promosyon, marketing at packaging para sa anumang produkto o serbisyo. Sumasang-ayon ako na maaaring ipagsama ang Nilalaman sa iba pang nilalaman, teksto at graphics at ma-crop, ganap na mabago o bahagyang mabago. Sumasang-ayon ako na ang lahat ng mga karapatan sa Nilalaman ay pagmamay-ari ng Photographer / Filmmaker at / o Mga Hinirang.

Sumasang-ayon ako na nakatanggap ako ng Kabayaran para sa mga karapatang ipinagkaloob sa pagpapalabas na ito. Pinatutunayan at sinasang-ayunan ko na wala na akong dagdag na karapatan para sa karagdagang Kabayaran o accounting, at hindi na ako maghahabol pa para sa anumang kadahilanan sa Photographer / Filmmaker at / o Mga Hinirang. Pinatutunayan at sinasang-ayunan ko na ang pagpapalabas na ito ay sapatang ipatutupad sa aking mga tagapagmana kung maaari, mga hinirang o sinumang tao na naghahabol ng interes sa Ari-arian. Sumasang-ayon ako na hindi mababawi, pandaigdigang at habambuhay ang pagpapalabas na ito, at pamamahalaan ng mga batas (maliban sa batas ng mga salungatan) ng bansa / estado mula sa sumusunod na listahan na pinakamalapit sa address ng may-ari o awtorisadong kinatawan na ibinigay sa tabi ng: New York, Alberta, England, Australia at New Zealand.

Napagkasunduan na ang aking personal na impormasyon ay hindi isasapubliko ngunit maaari lamang direktang gamitin nang may kaugnayan sa paglilisenensiya ng may-katurang Nilalaman kung saan kailangan (hal. upang ipagtanggol ang mga paghahabol, protektahan ang mga karapatan o abisuhan ang mga unyong pangkalahalan) at maaaring panatilihin hangga't maaari upang matugunan ang layuning ito, kasama ang maibahagi sa mga sub-licensee / nahirang ng Photographer / Filmmaker at malipat sa mga bansa na may ibang mga batas sa pagpoprotekta ng data at pagkapribado kung saan ito maaaring iimbak, i-access at gamitin.

Kinakatawan at ginagarantiya ko na hindi bababa sa 18 taon ang aking gulang. Mayroon akong ganap na legal na kapasidad at karapatang isagawa ang pagpapalabas na ito at ipagkaloob ang mga karapatang ipinagkaloob dito patungkol sa Ari-arian, at sapatang ipatutupad sa lahat ng mga taong naghahabol ng interes sa Ari-arian.

**Mga Kahulugan:** Ang "MGA HINIRANG" ay nangangahulugan na tao o anumang kumpanya na pinagtagalagan o nilisenisyan ng Photographer / Filmmaker ng mga karapatan sa ilalim ng pagpapalabas na ito pati na rin ang mga nalisenisyan ng sinumang naturang tao o kumpanya. Ang "KABAYARAN" ay nangangahulugan na \$1 o iba pang bagay na may halaga na natanggap ko kapalit ng mga karapatang ipinagkaloob ko sa pagpapalabas na ito. Ang "MGA NILALAMAN" ay nangangahulugan na lahat ng larawan, pelikula o recording, di-gumagalaw o gumagalaw, na kinunan sa Ari-arian bilang bahagi ng Shoot. Ang "MEDIA" ay nangangahulugan na lahat ng media kasama ang digital, electronic, print, telebisyon, pelikula at iba pang media na kilala ngayon o maiimbento. Ang "PHOTOGRAPHER / FILMMAKER" ay nangangahulugan na photographer, illustrator, filmmaker o cinematographer, o sinumang iba pang tao o entity na kumukuha ng larawan o nagre-record ng Ari-arian. Ang "ARI-ARIAN" ay nangangahulugang ang lugar at o ari-arian (real estate o intelektuwal na ari-arian) na paksa ng Shoot. Ang "SHOOT" ay nangangahulugang ang photographic o pampelikulang sesiyon na inilalarawan sa form na ito.

## Impormasyon ng Photographer/Filmmaker

Pangalan (naka-print)

\_\_\_\_\_

Lagda

\_\_\_\_\_

Petsa kung kailan nilagdaan (AA/BB/TAON)

\_\_\_\_\_ Paglalarawan ng

Shoot/Ref. (kung naaangkop) \_\_\_\_\_

Petsa ng Shoot (AA/BB/TAON) \_\_\_\_\_

**Impormasyon ng Ari-arian** (Ilarawan ang ari-ariang saklaw ng pagpapalabas kasama ang address kung real estate o, kung intelektuwal na ari-arian, mga detalye ng anumang rehistro / iba pang paglalarawan.)

Paglalarawan \_\_\_\_\_

Address \_\_\_\_\_

Lungsod \_\_\_\_\_ Estado/Probinsiya \_\_\_\_\_

Bansa \_\_\_\_\_ Zip/Postal Code \_\_\_\_\_

**Impormasyon ng Pagmamay-ari** (lagyan ng check ang

isang kahon tulad nang naaangkop)

Indibidwal na May-ari    May-ari ng Korporasyon

Pangalan ng Awtorisadong Kinatawan ng May-ari ng

Korporasyon Indibidwal o Empleyado (naka -print)

\_\_\_\_\_

Pangalan ng Korporasyon (kung naaangkop)

\_\_\_\_\_

Titulo/Posisyon (kung naaangkop)

\_\_\_\_\_ Lagda

\_\_\_\_\_

Petsa kung kailan nilagdaan (AA/BB/TAON)

\_\_\_\_\_ Telepono sa

Pakikipag-ugnay

Email sa Pakikipag-ugnay

\_\_\_\_\_

**Saksi** (TANDAAN: Dapat na nasa legal na edad at kapasidad ang lahat ng mga taong lumalagda at sumaksi sa lugar kung saan nilagdaan ang Pagpapalabas na ito. Hindi maaaring saksihan ng isang tao ang sarili niyang pagpapalabas.)

Pangalan (naka-print) \_\_\_\_\_

Lagda

\_\_\_\_\_

Petsa kung kailan nilagdaan (AA/BB/TAON)

\_\_\_\_\_